REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 46

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KARAPATAN SA PUNONG BAYAN AT INGAT-YAMAN O PANG. PUNONG BAYAN AT INGAT-YAMAN NA MAGBUKAS NG ISANG "SPECIAL ACCOUNT" SA METROBANK, ALABANG BRANCH AT KARAPATAN NA LUMAGDA PARA SA NASABING "SPECIAL ACCOUNT" ALINSUNOD SA KAPASIYAHAN BILANG 45 NA IPINAHAHAYAG ANG PAGPAPAWALANG BISA SA KONTRATA AT IBA PANG MGA HAKBANG NA NAKASAAD DOON; AT INAATASAN ANG PAGDIDIKIT/PAGPAPAHAYAG NG KAPASIYAHAN SA BAWAT PUWESTO O TINDAHAN AT SA IBA PANG LUGAR NA LANTAD O HAYAG SA LOOB NG NASASAKUPAN NG PALENGKE.**

---

SAPAGKAT, ayon sa kapasiyahang bayan bilang 45 ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na nagpapawalang bisa sa kontrata ng pagpapaupa sa Bagong Pamilihang Bayan ng Muntinlupa at pagbibigay sa Punong Bayan ng paraan alinsunod sa batas at iba pang paraan na karapat-dapat sa ikadadali ng pamamahala at pangangasiwa sa nasabing Pamilihang Bayan ay gumawa ng dagliang pagkilos ang lahat ng opisyal ng Sangguniang Bayan, mga Barangay opisyal at iba pang mga mamamayan ng Bayan ng Muntinlupa upang isakatuparan sa lalong madaling panahon ang pangangasiwa at pamamahala sa nasabing Pamilihang Bayan;

SAPAGKAT, malaking halaga ang sa araw-araw ang nasisingil ng Koperatiba sa mga may-ari ng puwesto o tindahan sa nasabing Pamilihang Bayan;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang pinaglalagakan ng salapi ng Pamahalaang Bayan ay ang Philippine National Bank na matatagpuan sa Barangay Poblacion, Muntinlupa, Kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, kung ang salaping masisingil sa mga may puwesto sa Pamilihang Bayan ay dadalhin pa sa Philippine National Bank, ito ay mapanganib para sa kaseguruhan ng salapi at gayon din sa mga taong maghahatid ng salapi sa Philippine National Bank;

SAPAGKAT, para hindi maging delikado ang paghahatid ng salapi sa bangkong paglalagakan ay nagkaisa ang Sangguniang Bayan na magbukas ng isang Special Account sa Metrobank, Alabang Branch, at binibigyan ng karapatan ang Punong Bayan at Ingat-Yaman o Pang. Punong Bayan o Ingat-Yaman na lumagda sa nasabing "special account".

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay binibigyan ng karapatan ang Punong Bayan at Ingat-Yaman o Pang. Punong Bayan at Ingat-Yaman na magbukas ng special account sa Metrobank, Alabang Branch at karapatang lumagda para sa nasabing special account.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI na inaatasan ang paglalagay/pagdidikit ng kopya ng Kapasiyahan sa lahat ng puwesto/tindahan at sa lahat ng lugar na hayag o lantad sa nasasakupan ng palengke; ang pagtatanggal ng kopya ng Kapasiyahan na nakadikit sa lahat ng puwesto/tindahan at sa lahat ng mga lugar na hayag o lantad sa nasasakupan ng palengke ay mahigpit na pinagbabawal.

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



KUNG may bahagi sa Kapasiyahan na masasaad na labag sa batas, ang bahaging ito lamang ang ipawawalang bisa at ang matitira ay ipaiiral at ipatutupad.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangdalawampu't apat (24th) na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-1 ng Agosto, 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

MGA SUMANG-AYON:

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO [illegible] DIAZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

PINAGTIBAY: Agosto 1, 1988